Walang anumang mga taong tumatayo mula sa inupuan, na hindi umaalaala kay Allāh roon, malibang tatayo sila palayo sa tulad ng isang bangkay ng isang asno at ito para sa kanila ay magiging isang hinagpis."}

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Walang anumang mga taong tumatayo mula sa inupuan, na hindi umaalaala kay Allāh roon, malibang tatayo sila palayo sa tulad ng isang bangkay ng isang asno at ito para sa kanila ay magiging isang hinagpis."}
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Abū Dāwud]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na walang anumang mga tao na umupo sa isang pagtitipon pagkatapos tumayo sila mula roon samantalang hindi sila umaalaala kay Allāh roon malibang tatayo sila palayo sa tulad ng mga nagtipon sa isang bangkay ng isang asno dahil sa kabahuan at karumihan. Iyon ay dahil nagpakaabala sila sa pagsasalita sa halip ng pag-alaala kay Allāh. Ang pagtitipong iyon ay magiging isang hinagpis sa kanila sa Araw ng Pagbangon, isang kakulangan, at isang pagsisising kakapit sa kanila.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3910